

Tala: 1

Obsessive-Compulsive Disorder(includes abstract) Scholten A; Rais TB; Consumer Health Information Language Database, Consumer Health Information, EBSCO Publishing, December 2007; (patient education - condition) CINAHL AN: 2010052498

Abstract: Ang obsessive-compulsive disorder (OCD) ay isang karamdaman kaugnay ng pagkabalisa . Nagdurusa ang tao dahil sa hindi gustong paulit-ulit na mga pag-iisip at pag-uugali. Napakahirap mapaglabanan ang mga nakahuhumaling at di-mapigilang pag-uugaling ito. Kung malubha at hindi magamot, maaaring sirain ng OCD ang kakayahang gumanap sa trabaho, paaralan, o tahanan.

[View English](#)

Database: Consumer Health Information -- Tagalog

Obsessive-Compulsive Disorder

(OCD)


ni: Amy Scholten, MPH

[\[View English Version\]](#)

Kahulugan

Ang obsessive-compulsive disorder (OCD) ay isang karamdaman kaugnay ng pagkabalisa . Nagdurusa ang tao dahil sa hindi gustong paulit-ulit na mga pag-iisip at pag-uugali. Napakahirap mapaglabanan ang mga nakahuhumaling at di-mapigilang pag-uugaling ito. Kung malubha at hindi magamot, maaaring sirain ng OCD ang kakayahang gumanap sa trabaho, paaralan, o tahanan.

Harapang Bahagi



Pinaniniwalang ang bahaging ito ng utak ang lugar ng pagkontrol sa bugso.

© 2009 Nucleus Medical Art, Inc.

Mga Sanhi

Ang sanhi ay hindi nalalaman. Ang OCD ay maaaring dulot ng mga dahilang neurobiological, pangkapaligiran, at psychological. Maaaring may malaking papel ang di-pagbabalanse ng serotonin (isang kemikal sa utak).

Iniuugnay ang OCD sa ibang neurobiological disorders, kabilang ang:

- Tourette syndrome
- Trichotillomania—ang paulit-ulit na bugsong bunutin ang buhok sa anit, mga pilikmata, mga kilay, o ibang buhok sa katawan
- Body dysmorphic disorder—imahinasyon lamang o eksaheradong mga depekto ng itsura
- Mga karamdaman kaugnay ng pagkain (gaya ng bulimia o anorexia nervosa)

- Hypochondriasis
- Pagkalulong sa droga

Mga Nagbibigay Panganib

Ang nagbibigay panganib ay isang bagay na nagpapataas ng iyong tsansang magkaroon ng sakit o kondisyon. Kasama sa mga nagbibigay panganib ang:

- Edad: huling yugto ng pagbibinata/pagdadalaga, unang yugto ng pagiging nasa hustong gulang
- Mga miyembro ng pamilyang may kasaysayan ng OCD
- Iba pang karamdaman kaugnay ng pagkabalisa
- Labis na pagkalungkot
- Tourette syndrome
- Karamdaman sa pag-uugali
- Attention deficit disorder

Sintomas

Sintomas:

- Obsessions—di-gusto, paulit-ulit, at mapanghimasok na mga kaisipan, mga bugso, o mga imahe
- Compulsions—paulit-ulit na mga pag-uugali o gawaing pag-iisip upang bawasan ang pagkabalising kaugnay ng mga obsession

Maaaring alam ng mga taong may OCD na walang katuturan ang kanilang mga pag-iisip at mga pag-uugali. At gusto nilang iwasan o itigil ang mga ito. Ngunit madalas ay hindi nila kayang pigilan ang kanilang mga nakahuhumaling na pag-iisip o mga bugso.

Karaniwang mga obsession:

- Paulit-ulit na mga pangambang maaaring masaktan ang sarili o isang minamahal
- Di-makatwirang pag-aalala sa pagiging kontaminado
- Di-katanggap-tanggap na mga pag-iisip panrelihiyon, karahasan, o pansekswal
- Labis na pangangailangang gawing tama o perpekto ang mga bagay

Karaniwang mga compulsion:

- Labis na paninigurado sa mga kandado ng pintuan, kalan, gripo, mga bukasang ilaw, atbp.
- Paulit-ulit na paggawa ng mga listahan, pagbibilang, pag-aayos, o pagtutuwid sa mga bagay
- Pangongolekta at pagtatago ng mga walang pakinabang na bagay
- Pag-uulit sa mga karaniwang gawain ilang beses hanggang maging tama ito
- Walang saysay na pagbabasang muli o pagsusulat muli
- Pag-uulit sa mga parirala sa utak
- Paulit-ulit na paghuhugas ng mga kamay

Pagsuri

Kadalasang nakikilala ang OCD sa pamamagitan ng psychiatric assessment. Nakikilala ang OCD kapag ang mga obsession at/o mga compulsion ay alinman sa:

- Nagdudulot sa tao ng malubhang pagkabalisa
- Nakakaabala sa kakayahan ng taong gumanap nang tama sa trabaho, paaralan, o sa mga ugnayan

Paggamot

Binabawasan ng paggamot ang mga OCD na pag-iisip at pag-uugali. Ngunit hindi ganap na tinatanggal ng paggamot ang mga ito.

Kasama sa mga paggamot ang:

Mga gamot

Binabawasan ng selective serotonin reuptake inhibitors (SSRIs) ang mga sintomas ng OCD sa pag-apekto nito sa neurotransmitter na serotonin. Ang gawaing ito ay naiiba sa kanilang mga bisa kontra sa labis na pagkalungkot. Kasama sa mga SSRI ang:

- Fluoxetine (Prozac)
- Fluvoxamine (Luvox)
- Paroxetine (Paxil)
- Sertraline (Zoloft)

Mangyaring Tandaan: Sa Marso 22, 2004, nagpalabas ang Food and Drug Administration (FDA) ng Public Health Advisory na nagbabala sa mga doktor, pasyente, pamilya, at tagapag-alaga ng mga pasyenteng may labis na pagkalungkot na bantayang mabuti ang mga nasa tamang gulang na at mga batang umiinom ng mga gamot na pangontra sa labis na pagkalungkot. Ikinababahala ng FDA ang posibilidad ng paglala ng labis na pagkalungkot at/o pagkakaroon ng mga pag-iisip ng pagpapakamatay, lalo na sa mga bata at mga nagbibinata/nagdadalaga sa umpisa ng paggamot, o kapag may pagtaas o pagbaba sa dosis. Ang mga ikinababahalang gamot, karamihan mga SSRI (selective serotonin re-uptake inhibitors), ay: Prozac (fluoxetine), Zoloft (sertraline), Paxil (paroxetine), Luvox (fluvoxamine), Celexa (citalopram), Lexapro (escitalopram), Wellbutrin (bupropion), Effexor (venlafaxine), Serzone (nefazodone), at Remeron (mirtazapine). Sa lahat ng mga ito, ang Prozac (fluoxetine) lamang ang naaprobahang ipainom sa mga bata at kabataan para gamutin ang malalang sakit na labis na pagkalungkot. Ang Prozac (fluoxetine), Zoloft (sertraline), at Luvox (fluvoxamine) ang mga naaprobahan upang ipainom sa mga bata at kabataan para sa paggamot ng obsessive compulsive disorder. Para sa mas maraming impormasyon, pumunta sa: <http://www.fda.gov/cder/drug/antidepressants>.

Isa pang gamit na gamot ay clomipramine (Anafranil). Isa itong tricyclic na gamot kontra sa labis na pagkalungkot na nagpapabago sa dami ng serotonin.

Behavior Therapy (Exposure and Response Prevention)

Nakakatulong ito sa iyong dahan-dahang harapin ang kinatatakutang bagay o obsession nang hindi bumibigay sa di-napipigilang ritwal kaugnay nito.

Pag-iwas

Walang mga patnubay para sa pag-iwas sa OCD dahil hindi pa nalalaman ang sanhi nito. Ngunit maaaring makatulong ang maagang paggamot bago ito lumala.

Published by EBSCO Publishing. This content is reviewed regularly and is updated when new and relevant evidence is made available. This information is neither intended nor implied to be a substitute for professional medical advice. Always seek the advice of your physician or other qualified health provider prior to starting any new treatment or with questions regarding a medical condition. Copyright 2009 EBSCO Publishing. All Rights Reserved.

Pagkukunan: Consumer Health Information, EBSCO Publishing. December 2007

Numero ng Item: 2010052498